

# Salawikain: 150+ Mga Halimbawa ng Salawikain o Kasabihan



Sa pahinang ito ay matututunan mo kung ano ang salawikain at kung bakit ito mahalaga at patuloy na itinuturo sa mga paaralan.

Ang aming koleksyon ng mga salawikain o kasabihan ay pinangkat namin sa labing-tatlong grupo. Ito ay ang mga [Kasabihan tungkol sa Edukasyon](#), [Wika](#), [Buhay](#), [Kabataan](#), [Kaibigan](#), [Kalikasan](#), [Kalusugan](#), [Katapatan](#), [Pag-aaral](#), [Pag-ibig](#), [Paggalang](#), [Pamilya](#), at [Tagumpay](#).

Ang iba pang mga halimbawa ng salawikain na walang kategoryang pinasukan ay inilagay naman namin sa [Iba pang mga Halimbawa ng Salawikain](#).

# Ano ang Salawikain?

Ang mga salawikain o kasabihang Pilipino ay binubuo ng mga parirala na karaniwan ay nasa anyong patula na kung saan ito ay nagbibigay ng gintong aral. Ito ay mga tradisyunal na kasabihan ng ating mga ninuno na patuloy na nagpasalin-salin hanggang makarating sa ating henerasyon at naglalayong magbigay patnubay sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang bawat salawikain ay naglalaman ng mga karunungan at aral tungkol sa kabutihang asal, pakikipag-kapwa tao, pagmamalasakit sa bayan, at pagmamahal at paglilingkod sa Diyos.

Naglalahad din ito ng mga pangkalahatang katotohanan at mga pagmamasid tungkol sa kalikasan at buhay ng tao.

**SEE ALSO:** [Sawikain: 100+ Halimbawa ng Sawikain at Kahulugan](#)

Narito ang 158 salawikain na kapupulutan ninyo ng aral at maaring gamitin bilang gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay.

## Kasabihan Tungkol sa Edukasyon

1. Kapag pinangatawanan, sapilitang makakamtan.
2. Kung walang tiyaga, walang nilaga.

## Kasabihan Tungkol sa Wika

1. Ang hindi marunong magmahal sa sariling wika, daig pa ang malansang isda.

## Kasabihan Tungkol sa Buhay

1. Aanhin mo ang palasyo,  
Kung ang nakatira ay kuwago?

Mabuti pa ang bahay kubo,  
Ang nakatira ay tao.

2. Ako ang nagbayo,  
Ako ang nagsaing.  
Saka ng maluto'y,  
Iba ang kumain.
3. Ako, ikaw o kahit sinumang nilalang,  
Tayong lahat ay arkitekto ng sariling kapalaran.
4. Ang bayaning nasugatan  
Nag-iibayo ang tapang.
5. Ang buhay ay parang gulong,  
Minsang nasa ibabaw,  
Minsang nasa ilalim.
6. Ang bulsang laging mapagbigay,  
Hindi nawawalan ng laman.
7. Ang hindi napagod magtipon,  
Walang hinayang magtapon.
8. Ang iyong kakainin,  
Sa iyong pawis manggagaling.
9. Ang kaginhawaan ay nasa kasiyahan at wala sa kasaganaan.
10. Ang lumalakad nang mabagal,  
Kung matinik ay mababaw.  
Ang lumalakad nang matulin,  
Kung matinik ay malalim.
11. Ang mabigat ay gumagaan kapag pinagtulung-tulungan.
12. Ang mabuting halimbawa ay higit na mabisa kaysa pahayag na dakila.
13. Ang maniwala sa sabi-sabi'y walang bait sa sarili.
14. Ang paala-ala ay mabisang gamot sa taong nakakalimot.

15. Ang pag-ilag sa kaaway ang tunay na katapangan.
16. Ang puri at ang dangal,  
Mahalaga kaysa buhay.
17. Ang tao na walang pilak,  
Parang ibong walang pakpak.
18. Ang taong mainggitin,  
Lumigaya man ay sawi rin.
19. Ang taong nagigipit,  
Sa patalim man ay kumakapit.
20. Ang taong tamad kadalasa'y salat.
21. Ang taong walang kibo nasa loob ang kulo.
22. Anuman ang gagawin,  
Makapitong iisipin.
23. Anuman ang gawa at dali-dali,  
Ay hindi iigi ang pagkakayari.
24. Bago ka bumati ng sa ibang uling,  
Pahirin mo muna ang iyong uling.
25. Bago mo sikaping gumawa ng mabuti,  
Kailangan mo munang igayak ang sarili.
26. Daig ng maagap ang taong masipag.
27. Di lahat ng kagalingan ay may dalang katamisan.
28. Di lahat ng kapaitan ay tanda ng kasamaan.
29. Gawin mo sa kapuwa mo,  
Ang nais mong gawin nila sa iyo.
30. Hanggang maiksi ang kumot,  
Magtiis na mamaluktot.

31. Huwag magbilang ng manok,  
Hangga't hindi napipisa ang itlog.
32. Kadalasan, ang karikta'y ginagawang isang bitag upang siyang ipanghuli  
noong ibig ipahamak.
33. Kapag ang tao'y matipid,  
Maraming maililigpit.
34. Kapag may isinuksok,  
May madudukot.
35. Kung aakyat ka nga't mahuhulog naman,  
Mabuting sa lupa'y mamulot na lamang.
36. Kung ano ang itinanim,  
lyon din ang aanihin.
37. Kung ano ang puno,  
Siya ang bunga.
38. Kung binigyan ng buhay,  
Bibigyan din ng ikabubuhay.
39. Kung gaano kataas ang lipad,  
Gayon din ang lagapak pag bagsak.
40. Kung may tinanim,  
May aanihin.
41. Kung pukulin ka ng bato,  
Tinapay ang iganti mo.
42. Kung sino ang masalita,  
Siyang kulang sa gawa.
43. Kunwaring matapang bagkus duwag naman.
44. Madali ang maging tao,  
Mahirap magpakatao.

45. Magandang pamintana,  
Masamang pang kusina.
46. Magbiro ka sa lasing,  
Huwag sa bagong gising.
47. Magkupkop ka ng kaawa-awa,  
Langit ang iyong gantimpala.
48. Magsisi ka man at huli wala nang mangyayari.
49. Mainam na ang pipit na nasa kamay kaysa lawing lumilipad.
50. Matapang sa kapwa Pilipino,  
Susukot-sukot sa harap ng dayo.
51. Matutuyo na ang sapa nguni't hindi ang balita.
52. May tainga ang lupa,  
May pakpak ang balita.
53. Nagpapakain ma't masama sa loob,  
Ang pinakakain hindi nabubusog.
54. Nasa Diyos ang awa,  
Nasa tao ang gawa.
55. Pag may hirap,  
May ginhawa.
56. Pag may kalungkutan,  
May kasiyahan.
57. Pagkapawi ng ulap,  
Lumilitaw ang liwanag.
58. Pulutin ang mabuti,  
Ang masama ay iwaksi.
59. Sa larangan ng digmaan,  
Nakikilala ang matapang.

60. Sagana sa puri,  
Dukha sa sarili.
61. Sala sa lamig,  
Sala sa init.
62. Ubos-ubos biyaya,  
Pagkatapos nakatunganga.
63. Walang humawak ng lutuan,  
Na hindi naulingan.
64. Walang ligaya sa lupa na hindi dinilig ng luha.
65. Yaong mapag-alinlangan,  
Madalas mapag-iwanan.
66. Kung saan nahihilig, duon din nabubuwal.

## **Kasabihan Tungkol sa Kabataan**

1. Batang puso,  
Madaling marahuyo.

**SEE ALSO: [Pamahiin: 280+ Mga Pamahiin ng mga Pilipino \(The Ultimate List\)](#)**

## **Kasabihan Tungkol sa Kaibigan**

1. Ang matapat na kaibigan,  
Tunay na maaasahan.
2. Ang tao kapag mayaman,  
Marami ang kaibigan.
3. Ang tunay na anyaya,  
Sinagamahan ng hila.
4. Ang tunay na kaibigan,  
Karamay kailan man.

5. Ang tunay na kaibigan,  
Nakikilala sa kagipitan.
6. Kaibigan kung meron,  
Kung wala'y sitsaron.
7. Puri sa harap,  
Sa likod paglibak.
8. Turan mo ang iyong kaibigan,  
Sasabihin ko kung sino ikaw.
9. Walang paku-pakundangan,  
Sa tunay na kaibigan.

## **Kasabihan Tungkol sa Kalikasan**

1. Ang araw bago sumikat,  
Nakikita muna'y banaag.
2. Kapag ang ilog ay maingay,  
Asahan mo at mababaw.
3. Kapag ang ilog ay matahimik,  
Asahan mo at malalim.
4. Tikatik man kung panay ang ulan,  
Malalim mang ilog ay mapapaapaw.

## **Kasabihan Tungkol sa Kalusugan**

1. Ang sakit ng kalingkingan,  
Dama ng buong katawan.
2. Gaano man ang iyon lakas,  
Daig ka ng munting lagnat.

## **Kasabihan Tungkol sa Katapatan**



1. Ang hindi tumupad sa sinabi,  
Walang pagpapahalaga sa sarili.
2. Ang iyong hiniram,  
Isauli o palitan.  
Upang sa susunod,  
Hindi ka makadalaan.
3. Ang lalaking tunay na matapang,  
Hindi natatakot sa pana-panaan.
4. Ang mabuting gawa kinalulugdan ng madla.
5. Ang may malinis na kalooban ay walang kinatatakutan.
6. Ang pagsasabi ng tapat ay pagsasamang maluwat.
7. Ang tunay mong pagkatao,  
Nakikilala sa gawa mo.
8. Ang utang ay utang,  
Hindi dapat kalimutan.
9. Kapag bukas ang kaban,  
Nagkakasala sinuman.
10. Nasa taong matapat ang huling halakhak.
11. Sa taong may tunay na hiya,  
Ang salita ay panunumpa.

## **Kasabihan Tungkol sa Pag-aaral**

1. Ang isip ay parang itak,  
Sa hasa tumatalas.

## **Kasabihan Tungkol sa Pag-ibig**

1. Ang pag-aasawa ay hindi biro,  
'Di tulad ng kanin iluluwa kung mapaso.

2. Ang pili nang pili,  
Natapatan ay bunggi.
3. Pag kahaba-haba man ng prusisyon,  
Sa simbahan din ang tuloy.
4. Pagsasama ng tapat,  
Pagsasama ng maluwat.
5. Walang matiyagang lalaki,  
Sa pihikang babae.
6. Madaling pumitas ng bunga,  
Kung dadaan ka sa sanga.

## **Kasabihan Tungkol sa Paggalang**

1. Ang gawa sa pagkabata,  
Dala hanggang pagtanda.
2. Ang magalang na sagot,  
Ay nakakapawi ng poot.
3. Ang magandang asal ay kaban ng yaman.

## **Kasabihan Tungkol sa Pamilya**

1. Ang ibinabait ng bata,  
Sa matanda nagmula.
2. Anuman ang tibay ng piling abaka,  
Ay wala ring lakas kapag nag-iisa.
3. Kaya matibay ang walis,  
Palibhasa'y nabibigkis.
4. Magsama-sama at malakas,  
Magwatak-watak at babagsak.

5. Nawala ang ari,  
Ngunit hindi ang lahi.

## **Kasabihan Tungkol sa Tagumpay**

1. Ang lakas ay daig ng paraan.
2. Ang umaayaw ay di nagwawagi,  
Ang nagwawagi ay di umaayaw.
3. Huli man daw at magaling,  
Naihahabol din.
4. Kung may hirap ay may ginhawa.
5. Kuwarta na,  
Naging bato pa.
6. Marami ang matapang sa bilang,  
Ngunit ang buo ang loob ay kulang.
7. Sa maliliit na dampa nagmumula ang dakila.
8. Sa taong walang takot,  
Walang mataas na bakod.
9. Walang mahirap na gawa pag dinaan sa tiyaga.

## **Iba pang mga Halimbawa ng Salawikain o Kasabihan**

1. Aanhin pa ang damo,  
Kung patay na ang kabayo.
2. Ang ampalaya kahit anong pait,  
Sa nagkakagusto'y matamis.
3. Ang anumang kasulatan dapat ay lalagdaan.

4. Ang bungang hinog sa sanga,  
Matamis ang lasa.  
Ang bungang hinog sa pilit,  
Kung kainin ay mapait.
5. Ang butong tinangay ng aso,  
Walang salang nalawayan ito.
6. Ang katotohana'y kahit na ibaon,  
Lilitaw pagdating ng takdang panahon.
7. Ang langaw na dumapo sa kalabaw,  
Mataas pa sa kalabaw ang pakiramdam.
8. Ang lihim na katapangan ay siyang pakikinabangan.
9. Balat man at malinamnam,  
Hindi mo matitikman.
10. Bibig na natatakpan,  
Hindi papasukin ng langaw.
11. Buhay-alamang,  
Paglukso ay patay.
12. Buntot mo, hila mo.
13. Hampas sa kalabaw,  
Sa kabayo ang latay.
14. Hindi sasama ang pare,  
Kundi sa kapwa pare.
15. Ibong sa hawla'y ikinulong nang mahigpit,  
Kapag nakawala'y hindi na babalik.
16. Kahit saang gubat ay mayroong ahas.
17. Kahoy mang babad sa tubig,  
Sa apoy huwag ilapit.

'Pag ito'y nadarang sa init,  
Sapilitang magdirikit.

18. Kapag apaw na ang takalan,  
Kailangan kalusan.
19. Kasama sa gayak,  
Di kasama sa lakad.
20. Kung ano ang sukat ng ohales,  
Iyon ding ang laki ng butones.
21. Kung anong buwang-bibig,  
Ay siyang nilalaman ng dibdib.
22. Kung hindi ukol,  
Hindi bubukol.
23. Kung nasaan ang asukal,  
Naroon ang langgam.
24. Kung sino ang unang pumutak,  
Siya ang nanganak.
25. Kung takot sa ahas,  
Iwasan mo ang gubat.
26. Mabuti't masamang ginto sa urian natatanto.
27. Magkulang ka na sa iyong magulang,  
Huwang lang sa iyong biyenang.
28. Malakas ang bulong kaysa sigaw.
29. Malaking puno,  
Ngunit walang lilim.
30. Matabang man ang paninda,  
Matamis naman ang anyaya.

31. Matalino man ang matsing,  
Napaglalalangan din.
32. Naghangad ng kagitna,  
Isang salop ang nawala.
33. Nakikita ang butas ng karayom,  
Hindi nakikita ang butas ng palakol.
34. Walang lumura sa langi,  
Na di sa kanyang mukha nagbalik.
35. Walang mapait na tutong,  
Sa taong nagugutom.
36. Walang naninira sa bakal,  
Kundi sariling kalawang.
37. Walang palayok na walang kasukat na tungtong.

**SEE ALSO: [Bugtong](#), [Bugtong: 150+ Mga Bugtong na may Sagot](#)  
([Tagalog Riddles](#))**

Nawa ay nakatulong sa iyo ang mga salawikain o kasabihan na nakapaloob sa pahinang ito. Kung mayroon kang alam na mga salawikain na hindi kasama sa mga halimbawa sa itaas, mangyaring mag-iwan lamang ng komento sa ibaba para maisama namin at mabasa din ng iba. Maraming salamat! 😊